

## **Pag-ibig, Pagtahan, Paglaya**

Joshua Emmanuel T. Ramos

*University Professor Emerita* Amelia Lapeña-Bonifacio, Pambansang Alagad ng Sining sa Teatro, Kgg. Prospero E. de Vera III, tagapangulo ng Lupon ng mga Rehente at ang mga bumubuo nito, Kgg. Danilo L. Concepcion, Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas, Dr. Michael L. Tan, Tsanselor ng UP Diliman, mga opisyal ng Unibersidad ng Pilipinas, mga panauhin, aming mga magulang at pamilya, mga minamahal kong kababayan, isang magandang umaga po sa inyong lahat!

Ang akin pong taos-pusong pagbati sa ating lahat ng nagsipagtapos ngayong taong 2019 dito sa “Pamantasang Hirang”—ang Unibersidad ng Pilipinas. Gasgas na maituturing ang taguri sa paaralan bilang pangalawang tahahan. Ngunit para sa isang mag-aaral ng Pilosopiyang tulad ko, matalinghaga ang pangungusap na ito. Malamang sa hindi, may malalim na diwa ang tahanan na nadarama sa Pamantasan. Marahil, ang kaluluwa ng tahanan ay dapat na naisasabuhay sa mga paaralan. Kaya sa pagtatapos nating ito, hayaan ninyong mamilosopiya ako ukol sa pagiging tahanan ng Unibersidad ng Pilipinas.

Sa tahanan hinuhubog ang ating pagkatao. Ang mga wastong halagahang pinupulot ng bata ay bunga ng pakikisalamuha niya sa pamilya. Halimbawa, likas sa sanggol na umiyak at madalas ito’y dahil sa gutom. Kapag daw po natutugunan ng ina ang pangangailangan ng sanggol, siya’y lalaking may kakayahang punan din ang pangangailangan ng iba sa kanyang paligid. Sa madaling sabi, maaaring ugatin ang kapasidad nating magmahal sa tahanan.

Ganoon din ang buhay sa UP. Pinag-iisa ng Pamantasan ang buhay-akademiko at ang mga panawagan ng nasa laylayan ng lipunan. Pinatutuloy natin ang mga kapatid nating Lumad sa Diliman at inalam ang kanilang suliranin. Sa gayon, hindi nakabibiglang may mga Iskolar ng Bayan na tinalikuran ang pagkakataong sumahod nang malaki at sa halip ay naging guro para sa mga kabataang Lumad. Tulad nila, nawa’y ang pribilehiyong mag-aral sa UP na

tinamasa natin ay magbunga ng paglilingkod sa bayang nagtustos nito—lalo na yaong patuloy na isinasantabi ng lipunan.

Sa tahanan din tayo unang nagkuro-kuro; sa mga magulang natin unang itinanong ang di mabilang na “bakit”. Bakit lumilipad ang ibon? Bakit basa ang ulan? Bakit namamatay ang tao? Hindi namamalayan ng marami sa atin na ang ganitong uri ng pagtatanong ay pamimilosopiya. Sa maraming pagkakataon, masalimuot ang balitaktakang idinudulot nito ngunit sinisiyasat pa rin natin at hinahanapan ng kasagutan.

Ganoon din ang buhay sa UP. Palagi tayong inuudyukang magtanong at mag-usisa. Hinahanapan natin ng matibay na pruweba ang pahayag ng sinuman at binubusisi kung ito ba’y moral, naaayon sa batas at para sa ikabubuti ng bayan. Minsan akong tinanong—bakit daw ang mga taga-UP mahilig kwestyunin ang pamahalaang nagpapaaral sa atin? Hindi ba para na rin daw nating minura ang ating magulang kung ganoon? At naalala ko ang palaging sinasabi sa akin ng aking ama sa aming tahanan. Kailanma’y di niya sinabing, “huwag kang sumagot.” Ang lagi niyang sinasabi, “huwag kang sumagot nang pabalang.” Ibig sabihin, basta’t may paggalang sa kapwa, walang masama sa pangangatuwiran at pagtatanong. Sa katunayan, sa ganitong tradisyon, nagiging moog ang UP ng demokrasya at tanggulan nito. Bilang mga pag-asa ng bayan, maitaguyod nawa natin ang ganitong kultura upang di na muling manganak ng diktador ang Pamantasan.

Sa tahanan din tayo ay malaya. Nakapagsusuot ng anumang ibigin, nakapagnanais ng anumang mabuting gawain, at nakapagsasabi ng anumang saloobin. May nakaaaliw na ginhawang dulot ang tahanan na tinutulutan tayong ipahayag ang ating mga sarili.

Sa diwang ito, may mas malalim na pagka-tahanan ang buhay dito sa UP. Maipagmamalaki kong dito sa Diliman, malayang ibigin ninuman ang sinuman na hindi hinahadlangan ng pananampalataya, anyo, lahi, at kasarian. *Happy Pride Month po sa ating*

*lahat!* Malaya tayong umalam ng anumang pumupukaw sa ating haraya. Malayang bumusisi at magtanong nang hindi dinadahas. At may pambihirang dulot ang pagiging malaya sapagkat iniluluwal ng kalayaan ang pagkamalikhain. Sa pagiging malikhain naman, nakaiisip ng mga paraan upang tugunan ang maraming suliraning kinahaharap ng bayan. Sa pagiging malaya rin ng bawat Iskolar ng Bayan, napapalaya ang marami pa mula sa kasinungalingan patungo sa katotohanan, mula sa karahasan patungo sa kapayapaan, mula sa kawalan ng pag-asa patungo sa tunay na katarungan.

Mga kapwa kong nagsipagtapos, marami sa ating mga kababayan ang nananaghoy dahil sa kawalan ng katurangan. Humihikbi ang mga batang inulila ng mararahas na polisiya. Tumatangis ang mga kapatid nating katutubo. Humihiyaw yaong mga niyurakan ng karapatan. Nagmumulto ang mga nagbuwis ng buhay para sa demokrasya't kalayaan. Mga kapwa ko Iskolar ng Bayan, ang edukasyong tinamo natin sa mga nakalipas na taon ay hindi hiwalay sa realidad ng lipunan. Nasa atin ang tamang kasangkapan at ang laya upang pagtagumpayin ang mabuti at biguin ang mapang-api't mapang-abuso. Dugo't pawis ng taumbayan ang ipinuhunan upang maisakatuparan ito. Nawa'y kung papaano naging tahanan ang UP sa atin, gayon din natin patahanin silang nagnanais lumaya mula sa mapait na kalalagayan.

Mabuhay po ang bawat Iskolar ng Bayan! Mahalin, palayain, at paglingkuran ang sambayanan!